# MGA TULANG PAMBATA

Maestra Juana

# Ang Aking Pamilya



Mahal ko si Ama.
Mahal ko si Ina.
Ganun din si Ate,
pati si Kuya.
Ang aming pamilya
ay laging masaya.
Pagkat kami'y sama-sama,
sa tuwi-tuwina.

*Maestra Juana*

# Ako ay may Alaga



Ako ay may alaga,
asong mataba.
Buntot ay mahaba,
makinis ang mukha.
Mahal niya ako,
mahal ko rin siya.
Kaya kaming dalawa
ay laging magkasama.

Maestra Juana

# Gatas at Itlog




Gatas at itlog
pagkaing pampalusog.
Saging at papaya
pagkaing pampaganda.
Uminom ka ng gatas
kumain ka ng itlog.
Hindi magtatagal
ikaw ay bibilog.
Mag-alaga ka ng manok
bibigyan ka ng itlog.

*Maestra Juana*

# Ang Panyo



Kapirasong damit,
Maliit na sadya.
Ngunit anong hirap,
Kapag ito ay mawala.
Pantakip sa usok,
Pamunas sa luha.
Maliit kong panyo,
Labis na mahalaga.

Maestra Juana

# Mesa



Ang mesa ng guro
ay matatagpuan.
Nasa isang panig
ng silid-aralan.
Ang gamit ng guro,
dito nakalagay.
Ito ang patungan.
Ito ang sulatan.

Maestra Juana

# Aklat



Kilala mo ako,
ako'y isang aklat.
Sa bawat pahina
ay may nakasulat.
Mahalin mo ako,
ako'y pag-ingatan.
Sa pag-aaral mo,
kita'y tutulungan.

*Maestra Juana*

# Bandila



Tatlo ang bituin,
na lagi kong taglay.
Tatlo rin ang kulay
pula, puti, bughaw.
At may taglay pa rin,
akong isang araw.
Ako ang bandila
ng bayan kong mahal.

Maestra Juana

# Kay Gandang Araw



Ang araw kung titingnan
may saya, may ngiti.
Dulot ay pagbati
ligaya't luwalhati.
Parang sinasabing
tayo'y magmadali.
Pagkat parang ginto
ang bawat sandali.

*Maestra Juana*

# Lapis



Ako'y isang lapis,
dulo ko'y matulis.
Naiguguhit ko,
ang bawat maisip.
Nabubura ko rin,
ang bawat sulatin.
Ako'y baliktarin,
ulo ko'y gamitin.

Maestra Juana

# Sa Paaralan



Tayo na sa paaralan.
Mag-aral at matuto.
Magbasa at magsulat.
Maglaro at magtuklas.
Mga bagong kaalaman,
Maging aral sa buhay.
At maging gabay sa bukas
tungo sa pinapangarap.

Maestra Juana